Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng uri ng pang-abay

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **PR** kung ang pang-abay o pariralang pang-abay na may salungguhit ay *pang-abay na pamaraan*, **PN** kung ito ay *pang-abay na pamanahon*, o **PL** kung ito ay *pang-abay na panlunan*.

1. _____ Sina Samuel at Sofia ay nakatanggap ng imbistasyon mula kay Jessica kahapon.
2. _____ Ipagdiriwang ang kaarawan ni Jessica sa darating na Sabado.
3. _____ Pagkatapos nilang magpaalam sa kanilang magulang, agad nilang tinawagan si Jessica.
4. _____ Malugod na tinanggap nila ang imbitasyon ni Jessica.
5. _____ Pinag-isipan nang mabuti ng magkapatid kung ano ang ibibigay nilang regalo.
6. _____ Naalala nila na mahusay magguhit si Jessica.
7. _____ "Madalas din siyang nagbabasa," banggit ni Sofia.
8. _____ "Oo nga. Maraming beses ko siyang nakita sa loob ng silid-aklatan," dagdag ni Samuel.
9. _____ "Pumunta tayo sa *book store* samakalawa para makabili tayo ng regalo," mungkahi ni Sofia.
10. _____ Nagising nang maaga ang magkapatid na sina Samuel at Sofia.
11. _____ Dadalo sila sa pagdiriwang ng kaarawan ni Jessica mamayang hapon.
12. _____ Gaganapin ang pagdiriwang sa Jollibee.
13. _____ Maayos na binalot ng magkapatid ang kanilang regalo.
14. _____ Inihanda nila ang kanilang mga kasuotan bago sila naligo.
15. _____ Hinihintay sila ni Mang Rudy sa tabi ng *van*.
16. _____ Masayang nakipaglaro ang dalawa sa ibang mga bisita.
17. _____ Ang mga bata ay magiliw na kumanta para kay Jessica.
18. _____ Taos-pusong nagpasalamat ang magkapatid kay Jessica.
19. _____ Susunduin ni Mang Rudy ang magkapatid pagkatapos ng pagdiriwang.
20. _____ Nakita nila na nakatayo sa labas ng pinto si Mang Rudy.